Walang dalawang Muslim na nagkasalubong saka nagkamayan malibang patatawarin silang dalawa bago silang dalawa maghiwalay."}

Ayon kay Al-Barā' (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang dalawang Muslim na nagkasalubong saka nagkamayan malibang patatawarin silang dalawa bago silang dalawa maghiwalay."}

[Tumpak dahil sa kabuuan ng mga daan nito] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām At-Tirmidhīy, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na walang dalawang Muslim na nagkasalubungan sa daan at tulad nito saka bumati ang isa sa dalawa sa kanila sa isa pa sa pakikipagkamayan malibang patatawarin silang dalawa bago silang dalawa maghiwalay nang pisikal o sa pamamagitan ng pagtatapos ng pakikipagkamayan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/6257